## Paraan ng Paggawa

1. Hugasan ang mga sangkap.
2. Patuluin ng hanggang 5 minuto.
3. Hiwain o gayatin ang dahon nang isang (1) pulgada ang laki.
4. Paghaluin ng maayos ang mga ginayat na dahon at molasses.
5. Ilagay ang pinaghalo-halong sangkap sa net at ibuhol ito.
6. Ilagay sa malinis na timba o balde. Punasan ang ibabaw nito.
7. Takipan ng malinis na manila paper.
8. Talian ng goma o malinis na panali. Maaari ring gumamit ng masking tape.
9. Lagyan ng *label* kung anong pangalan ng *concoction,* anong sangkap, kalian ginawa at kailan aanihin.
10. Iimbak sa madilim at malinis na lugar sa loob ng 7 araw.
11. Buksan ang binurong na katas ng halaman pagkalipas ng 7 araw.
12. Salain ang binuro at ilagay sa malinis na bote. Huwag takpan ng mahigpit.


Pinagkuhanan ng Teknolohiya

**Quezon Nation Agricultural School (QNAS)**

A TESDA-accredited school

**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**

Regional Training Center - MiMaRoPa

Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph

(02) 359-1967;
0917-8432654; 0939-9166473

www.ati.da.gov.ph/ati-4b

@atimimaropa





# FERMENTED PLANT JUICE

(Binurong Katas ng Halaman)

## Fermented Plant Juice (FPJ)

Ang FPJ o binurong katas ng halaman ay gawa sa mga dahon at talbos ng halaman gaya ng kakawati (madre de cacao), ipil-ipil, malunggay, puno ng saging, talbos ng kamote at iba pang mga halamang mabibilis lumago. Ito ay nakakatulong sa pagpapabilis ng paglaki at pagiging luntian o maberde ng halaman. Mainam kung ang gagamiting halaman ay mga legumbre dahil ito ay mayaman sa nitrohino. Ang FPJ ay maaring gamitin sa lahat ng yugto ng halaman at pwede ring ipainom sa mga alagang hayop.

### Mga Sangkap at materyales


1 kg. kangkong


1 kg. talbos ng kamote


1 kg. puno ng saging


3 kg. molasses


Malinis na timba


Manila paper o katsa


net


Masking tape


Kutsilyo at tadtaran

** Maaari ring gumamit ng iba pang talbos ng halaman na may katangian na mabilis lumago.*

### Paraan ng Paggawa

1. Linisin at hugasan ang sangkap at materyales. Patigisin ang tubig sa looban ng limang (5) minuto.
2. Gayatin ang mga talbos ng halaman nang may isang (1) pulgada ang laki.



3. Ilagay ang ginayat na mga dahon at 3 kilong molasses/*brown sugar* sa timba at haluing mabuti.



4. Ilagay ang pinaghalu-halong sangkap sa malinis na timba. Ipatong ang net sa ibabaw ng pinaghalong molassess at prutas.



5. Lagyan ito ng 5-8 piraso ng bato (*sterilized*) na may katamtamang laki bilang pampabigat.
6. Linisan ang pinakaibabaw ng timba at takipan ng may dalawang manila *paper* at talian ng goma.



Maaari ring gumamit ng *masking tape.*

7. Lagyan ng *label* kung anong pangalan ng *concoction*, kailan ginawa at kailan aanihin ang binurong gulay gayundin ang mga ginamit na sangkap sa paggawa.




8. Iimbak ito sa madilim at malinis na lugar sa loob ng pitong (7) araw.
9. Pagkalipas ng pitong (7) araw, maaari na itong anihin. Pigain at salain ang katas na makukuha sa binurong sangkap. Ilagay sa boteng plastik at huwag tatakipan ng mahigpit nang maiwasan ang pagsabog.

### Paraan ng Paggamit

1. Ihalo ang dalawang (2) kutsarang FPJ sa 1 litrong tubig.
2. Iispray o idilig ito bilang abono sa halaman.

### Mainam na Paggagamitan

- <u>Hayop</u>
  Ihalo sa inuming tubig ng alagang hayop 2 kutsara sa 1 litrong tubig 2 beses sa isang linggo.

- <u>Halaman</u>
  Idilig o i-spray sa halaman malapit sa lupa, 1 hanggang 2 beses sa isang linggo.

*Ang FPJ ay tumatagal hanggang anim (6) na buwan.*